

Template ng Pinakamahusay na Kasanayan: PERSONAL NA GABAY SA PAGPAPLANO

- **Layunin:** Ang template na ito ay nagbibigay sa isang nakaligtas (survivor) ng espasyo upang itala ang kanilang mga plano para sa kanilang sarili habang sila ay nasa programa. Ang template na ito ay hindi ginagamit upang markahan ang pag-unlad. Hindi ito dapat gamitin upang pagpasyahan ang haba ng pananatili ng survivor sa programang OVW TH.
- **Paano gamitin ang template na ito:** Maaari mong iakma ang template na ito upang umangkop sa iyong mga pangangailangan at sa trabahong iyong ginagawa. Maaari mong baguhin ang mga salita upang tumugma sa wikang ginamit sa iyong programa. Bago gamitin ang template na ito sa isang aplikante sa pabahay, mangyaring tanggalin ang pahina ng mga tagubiling ito. Gayundin, mangyaring tanggalin ang anumang mga tala na kulay abo (grey). **Tiyaking palitan ang lahat ng naka-highlight na teksto ng impormasyon ng iyong programa**
 - Maaaring punan ng mga survivor ang dokumento ng pagpapalano ng pananaw (vision planning sheet) na ito may tulong man o wala ng isang tagapagtaguyod. Ang sheet ay naglalayong tulungan ang survivor na hubugin ang programa na pinakaangkop sa kanilang mga pangangailangan. Pinakamainam na huwag ipatago sa survivor ang sheet na ito sa kanilang file. Pinakamainam din na huwag gamitin ang sheet na ito upang magpasya sa haba ng pananatili ng isang survivor o magbigay ng mga extension.

TEMPLATE

Personal na Gabay sa Pagpapalano

Ano ang iyong "pananaw" para sa oras mo sa programang ito? Sa madaling salita, ano ang nakikita mong ginagawa mo habang nandito ka? Ano ang iyong mga layunin? Ano ang kailangan mo upang matulungan kang magpatuloy sa hinaharap? Ano ang gusto mong maramdaman sa oras na umalis ka? Ano ang gusto mong magawa?

Ang pangunahing layunin ng [Transitional Housing Program] ay bigyan ka ng espasyo, mga magagamit, at anumang tulong na kailangan mo upang mabuo ang iyong pananaw para sa oras na ginugugol mo sa programang ito. Ang worksheet na ito ay hindi gagamitin upang husgahan ang iyong pag-unlad. Ito ay simpleng magagamit bilang gabay upang matupad ang iyong pananaw sa iyong pananatili sa amin. May karapatan kang pumili kung gusto mong gamitin ang gabay na ito o hindi. Maaari mo ring piliin kung gusto mo o hindi ang isang tagapagtaguyod na tulongan kang punan ito. Maaari mong gamitin ang sheet na ito upang magplano para sa anumang bagay na maaari mong gawin habang narito. Walang tama o maling mga sagot.

Ito ang *iyong* personal na gabay sa pagpapalano. Para sa iyo ito para itago at gumawa ng mga tala. Hindi kami magtatago ng kopya ng gabay na ito sa iyong file, maliban kung gusto mo.

Petsa ng Pagsisimula para sa Gabay sa Pagpapalano ng Pananaw:

Malaking pananaw: _____

Mga hakbang na maaari kong gawin upang maabot ang pananaw:

Mga Papeles/Tala na maaaring kailangan ko

Mga taong maaaring gusto kong makipag-ugnayan para sa tulong sa pag-abot sa aking mga layunin:

Mga bagay na maaari kong hilingin sa aking tagapagtaguyod para sa tulong:
